



Alagad ng Mesiyas



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 49:1-6)

¹DINGGIN ninyo ako, mga pulo; makinig kayo mga taong nani-nirahan sa malalayong lugar. Pinili na ako ng Panginoon bago pa isilang at hinirang niya ako para siya'y paglingkuran. Mga salita ko'y ginawa niyang sintalas ng tabak, siya ang sa aki'y laging nag-iingat. ²Ginawa niya akong parang matulis na palaso na anumang oras ay handang itudla. ³Sinabi niya sa akin "Israel, ikaw ay **lingkod** ko, sa pamamagitan mo ako'y dadakilain ng mga tao." ⁴Ngunit ang tugon ko, "Ako ay nabigo sa aking pagsisikap, hindi nagtagumpay gayong ibinuhos ko ang aking lakas." Gayunma'y itinitiwala ko sa Panginoon ang aking kalagayan, na ako'y gagantimpalaan sa aking nakayanan.

⁵Bago pa ako ipanganak ay hinirang na ng Panginoon, pinili niya ako para maging

lingkod niya upang tipunin ang nangalat na mga Israelita, at sila'y ibalik sa bayang Israel. Binigyan ako ng Panginoon ng karangalan, sa kanya nagbubuhay ang aking karangalan. ⁶Sinabi ng Panginoon sa akin: "Israel na aking **lingkod**, may mas mahalaga pa akong ipagagawa sa iyo. Bukod sa pagpapanumbalik sa mga Israelitang nalabi ay gagawin kitang tanglaw ng mga bansa upang lahat sa daigdig ay maligtas."

Tema: **Ang Lingkod**

PAGPAPALIWANAG

- Ang ating teksto ay mula sa Ikalawang aklat ni Isaias (isang propeta sa Panahon ng Pagtapon), hindi sa panahon bago ang pagtapon (200 taon na ang nakararaan).
- Ang b.1a ay paralelismo ang estilo: dinggin // makinig; o mga pulo // malayong lugar, o kaya, pinili=hinirang. Ang dalawang utos ay

dinggin/makinig!.

- Pakinggan kung ano? Ang sagot ay sa mga sumusunod na linya at mga talata:
- b.1b Tinawag ako ng Panginoon mula sa kapanganakan (tadhana).
- b. 2 Ginawa ako ng Panginoon na isang matalas na tabak, iniingatan ako / matulis na palaso, itinago at handang itudla ... (armas) (isa pang paralelismo).
- Ang b. 3 ay isang deklarasyon ng kanyang katayuan/ misyon: Ikaw ay aking lingkod na sa pamamagitan niya ipinapakita ng Diyos ang kanyang kaluwalhatian.
- Ang b.4 ay nagpapahiwatig ng damdamin ng propeta (nagpagal ng walang kabuluhan, walang anumang, walang silbi, nasayang na enerhiya), ngunit mayroong biyaya ng kaligtasan: Gayon pa man ako’y gagantimpalaan // aking kalagayan (isa ring paralelismo).
- Isinalaysay sa b.5 ang misyon ng propeta: Ipinaubaya ang Bayan Israel sa kanya // Ang Israel (Jacob) ay nagtipon sa kanya (isa pang paralelismo)
- Jacob = Israel
- Ang b.6 ay nagpapahayag ng damdamin ng Diyos sa propeta. Hindi lamang siya isang lingkod na nagbigay pag-asa sa mga tribo ni Jacob at iniligtas ang Israel (paralelismo muli), ngunit isang tanglaw din ng mga bansa.

PAGNINILAY

Kailangan natin ang isang tao na nagpapakita sa atin ng daan (si Juan Bautista at higit sa lahat si Hesus, ang propeta ng Diyos).

SALMONG TUGUNAN (Slm 138)

PINUPURI KITA, D’YOS KO, DAHIL AKO’Y NILIKHA MO.

IKALAWANG PAGBASA (Gawa 13:22-26)

²²NOONG mga araw na iyon, sinabi ni Pablo, “Nang si Saulo’y alisin ng Diyos, inihalili si David upang maghari sa ating mga ninuno. At ganito ang patotoo ng Diyos tungkol sa kanya, ‘Natagpuan ko kay David na anak ni Jesse ang lalaking nakalulugod sa akin, isang lalaking handang tumupad sa lahat ng iniuutos ko.’ ²³Mula sa angkan ng lalaking ito ipinagkaloob sa Israel si Hesus, ang kanyang ipinangakong Tagapagligtas. ²⁴**Bago siya dumating, ipinangaral ni Juan sa buong Israel na dapat nilang pagsisiha’t talikdan ang kanilang mga kasalanan, at pabinyag.** ²⁵Nang matapos na ni Juan ang kanyang gawain, sinabi niya sa mga tao, ‘Sino ba ako sa akala ninyo? Hindi ako ang Kristo. Ngunit siya’y darating na kasunod ko. At hindi ako karapat-dapat kahit tagaalis ng panyapak.’ ²⁶“Mga kapatid kong mula sa lahi ni Abraham, at mga taong may takot sa Diyos: tayo ang pinadalhan ng balitang ito tungkol sa kaligtasan.”

Tema: **Ang Testigo ni Juan**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay tungkol sa kasaysayan ng kaligtasan simula sa patanggal kay Saul bilang Hari at pagtalaga kay David bilang bagong hari na hinirang ng Panginoon.
- Sa b.23, kinilala si David bilang ninuno ni Hesus na tagapagligtas ng Israel.
- Sa b.24, inilarawan si Juan bilang tagapaghayag ng pagdating ni Hesus, sa pamamagitan ng pagbibinyag ng pagsisihi. Hindi siya karapat-dapat na magtanggap sandalyas ni Hesus, ani niya (b.25).
- Sa b.26, ipinaalam ng mga apostoles (tagapagbalita) sa kanilang tagapakinig (mga anak ni Abraham at mga may takot sa Diyos = mga Gentil na naging tagapagsunod) ng

Salita ng Kaligtasan na ipinadala ng Diyos.

PAGNINILAY

Kinikilala ng may-akda na si Juan Bautista ay nakalaan na maging tagapaghanda sa dadaanan ng Mesias.

MABUTING BALITA (Lc 1:57-66, 80)

⁵⁷DUMATING ang oras ng panga-nganak ni Elisabet, at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki. ⁵⁸Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya'y pinagpala ng Panginoon, at nakigalak sila sa kanya.

⁵⁹Nang ikawalong araw, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang ipangangalan sa kanya—gaya ng kanyang ama—⁶⁰ngunit sinabi ng kanyang ina, “Hindi! Juan ang ipangangalan sa kanya.” ⁶¹“Subalit wala isa man sa iyong mga kamag-anak ang may ganyang pangalan,” wika nila. ⁶²Kaya't hinudyatan nila ang kanyang ama at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol. ⁶³Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito: “Juan ang kanyang pangalan.” ⁶⁴At namangha silang lahat. Pagdaka'y nakapagsalita siya, at nagpuri sa Diyos. ⁶⁵Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay, anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang mga bagay na ito. ⁶⁶Pinakaisip-isip ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang tanong: Magiging ano kayo ang batang ito?” Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon.

⁸⁰**Lumaki ang bata at naging malakas ang kanyang espiritu.** Siya'y tumira sa ilang hanggang sa araw na magpakilala siya sa Israel.

Tema: **Ang Buhay ni Juan Bautista**

PAGPAPALIWANAG

• Bahagi ng Salaysay ng Kapanganakan ni

Hesus (Lucas 1-2).

- Ang b.56 ay nagpapahiwatig ng mga buwan na nanatili si Maria sa kanyang pagdalaw kay Elisabet hanggang sa kanyang pagbalik sa Nasaret.
- Ang b.57 ang pangunahing toon ng teksto ng ebanghelyo. Ipinakikita nito ang kapanganakan ni Juan. Ang kanyang ina ay si Elisabet.
- Ang b.58 ay nagpapahiwatig ng reaksiyon (kagalakan) ng kanilang mga kapitbahay at mga kamag-anak nang isinilang ang batang si Juan.
- Para sa kanila, ang kapanganakan ay nangangahulugan: Ang Dakilang Awa ng Diyos.
- Sa b.59, ang pagtutuli at pagbigay pangalan ng bata, pagkalipas ng 8 na araw = ayon sa tradisyon ng mga Hudiyo.
- Sa b.60-63, ang pagbabago ng pangalan (mula sa Zacarias naging Juan) ay nagpapahiwatig ng natatanging misyon ni Juan. Hindi siya magiging tulad ng kanyang ama - isang pari sa Templo, kundi isang propeta sa ilang.
- Sa b.63, itinatala ang pakiramdam ng mga naroroon (pagkamangha).
- Sa b.64, si Zacarias, ang ama, ay nakapagsalita na muli, pinagpapala niya ang Diyos. Walang Cantico ni Zacarias dito.
- Mulí, makikita natin ang iba pang reaksiyon tungkol sa bata (natatakot ang mga kapitbahay). Ang kapanganakan ni Juan ay nag-uudyok pa ng maraming pagtatanong (b.65).
- Sa b.66, nararamdaman ng mga tao ang kanyang tanyag na tadhana. “Ano kayang klaseng anak ito? Segurado silang nagsasabing, “Ang kamay ng Panginoon ay sumasakanya.”
- Sa b.80, ang may-akda ay nagbibigay ng tala tungkol sa paglago at pag-unlad ni Juan sa

aspeto ng pangangatawan at espiritwal.

- Kaagad, ang b.80 ay nagpapahiwatig ng misyon ni Juan. Ngayon ay nasa disyerto na siya, naghahanda at naghihintay sa tamang oras.

PAGNINILAY

Hinahanda tayo ng Panginoon sa ating misyon. Katulad kay Juan Bautista na itinalaga na siya tagapaghanda ng dadaanan ng Panginoong Hesus, tayo din ay hinirang na ng Panginoon sa sinapupunan pa lamang ng ating ina. Ang malaking hamon sa ating buhay ay mapagtanto natin ang misyon. Hindi ito madali. Kailangan nating makinig sa Espiritu Santo sa ating buhay at magdasal at tumalima sa Panginoon.

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman

VERBUHAY (Filipino Edition)



II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay nagsaad ng Misyon ng Alagad.

Ang Ikalawang Pagbasa ay naglalarawan ng Misyon ni Juan upang dumating ang Manliligtas.

Ang Mabuting Balita ay nagsasaad ng kapanganakan ni Juan at paano ito nagbigay biyaya sa kanyang pamilya at mga kamag-anak. At pinagkalooban si Juan ng biyaya upang lumaki na puspos ng lakas at ng kapangyarihan ng Espiritu.

-Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)